UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
Lower Ground Floor, PHIVOLCS Bldg.
C.P. Garcia Ave., Diliman, Quezon City 1101
Tel.: 8927-2567, 8981-8500 loc. 4046; Tel. Fax: 8927-2568
E-mail: ovcrd@up.edu.ph; Website: http://www.ovcrd.upd.edu.ph

OFFICE OF THE VICE CHANCELLOR FOR RESEARCH AND DEVELOPMENT

MEMORANDUM BLG. GAC 23-018

PARA SA : **MGA DEKANO, DIREKTOR, PUNO NG MGA YUNIT, GURO, RESEARCH, EXTENSION and PROFESSIONAL STAFF (REPS)**

MULA KAY : **GONZALO A. CAMPOAMOR II, PhD**
Bise-Tsanselor para sa Saliksik at Pagpapaunlad

PAKSA : **Panawagan para sa Nominasyon sa *2023 Gawad Tsanselor sa Natatanging Mananaliksik sa Filipino***

PETSA : **17 Marso 2023**

Malugod po naming ibinabalita na bukas na para sa nominasyon ang *2023 Gawad Tsanselor sa Natatanging Mananaliksik sa Filipino.*

Lakip ang Pangkalahatang Pamantayan at Pormularyo ng Nominasyon. Mangyaring ipabatid ang mga sumusunod:

I. Minimum Criteria:

- Kinakailangang *full-time* at regular na fakulti o REPS na nagbibigay ng direktang serbisyo sa UP Diliman (halimbawa, hindi naka-Sabbatical o Study Leave)
- Kinakailangang naglilingkod sa UP Diliman nang hindi iigsi sa tatlong (3) taon (2020-2022)
- Kinakailangang hindi kailanman nahusgahang maysala ang nominado sa anumang opensang administratibo o kriminal na nauugnay sa moral na pagkakamali o sakaling may idinaraos na kasong administratibo o kriminal laban sa nominado, kinakailangang hindi siya nahusgahang maysala sa panahong siya ay nominado

II. Lahat ng nominasyon ay kailangang isumite sa Opisina ng Bise-Tsanselor para sa Saliksik at Pagpapaunlad sa o bago ang **ika-5:00 n.h., 14 Abril 2023**.

Para sa nominasyon, magsumite ng *soft copy* ng Pormularyo ng Nominasyon na may mga orihinal na lagda at kompletong kalakip na dokumento sa ovcrd@up.edu.ph. Ang mga isinumiteng nominasyon na hindi kompleto ang mga kalakip na dokumento ay hindi tatanggapin bilang nominado.

Ang Pangkalahatang Pamantayan at Pormularyo ng Nominasyon ay maaaring i-download sa aming website: https://ovcrd.upd.edu.ph/. Para sa iba pang impormasyon, maaaring makipag-ugnay kay Bb. Dulce Amor B. Verdolaga sa email: ovcrd@up.edu.ph.

Maraming salamat.

Binigyang sipi:
OC
OVCAA
OVCA
OVCCA
OVCPD
OVCSA